**Pamagat**: Ang Talambuhay ng Kaluluwa

**Texto**: 2 Samuel 14:25 "But in all Israel there was none to be so much praised as Absalom for his beauty: from the sole of his foot even to the crown of his head there was no blemish in him."
*Pagsasalin*: Sa buong Israel nga'y walang gaya ni Absalom na pinakakapuri dahil sa kagandahan: mula sa talampakan ng kaniyang paa hanggang sa tuktok ng kaniyang ulo, ay walang ipipintas sa kaniya.

**Panimula**:

1. Ang tao ay may panglabas na anyo at pangloob. Si Absolom ay napaka sikat dahil sa kanyang panglabas na hitsura. Siguro patin narin sa kanyang ugali, siya ay kapuri-puri. Siguro matangkad, malakas, kaakit-akit, isang natural na lider, magiliw, makatawag-pansin, para siyang isang napakamahuday na tao.
2. (v.26) At pagka kaniyang ipinagugupit ang kaniyang buhok (sa bawa't katapusan nga ng bawa't taon siya ay nagpapagupit: sapagka't mabigat sa kaniya ang buhok kaya't kaniyang ipinagugupit:) kaniyang tinitimbang ang buhok ng kaniyang ulo na may dalawang daang siklo, ayon sa timbangan ng hari. (sa palagay ito ay mga 2 kilo). {gawa ito ng mga mayayabang}
3. Ganito si Absolom sa hitsura at panglabas. Ang tao ay tumitingin sa labas, pero ang Diyos ay timitingin sa puso (1 Sam. 16:17).
4. Sinungaling, mapaghiganti, iniutos niya na patayin ang kanyang kalahating kapatid (Amnon), tumakas siya sa ibang siyodad upang iwasan ang paghatol, hanggat bumalik siya sa Jerusalem na kung saan pinatawad siya ni King David. Pero pakunwari parin itong Absolom. Ang gusto niya, siya ay ang maghari. At gumawa siya ng paraan para mag-kudeta siya sa kanyang sariling ama.

**I. Ganito rin ang Makasalanang Tao**:

A. Mayroon panlabas na kaanyohan. Tila parang okay sila. Maayos, relihiyoso, mabait, kagalang-galang.
B. Pero ang tunay na kalagayan ay ang na sa pangloob na kalagayan. (Matt. 23:27).
C. Ang katapusan ni Absolom ay kamatayan.
    C.1. Siya ay nahuli sa kanyang buhok na sumabit sa sangay ng puno. (2 Sam. 18:9)
    C.2. Pinatay siya ni Joab, ang general ni King David.
D. Kahit na isang sangay ng puno, pwedeng gamitin ng Diyos sa paghatol.

**II. Masdan ang Awa ni David**:

A. Noong nabalitaan niya kay Cushi (kanyang lingkod) na napatay ni Joab si Absolom, dakila ang sakit ng loob na naramdaman ni King David. (2 Sam. 18:33)
B. Ganito rin ang damdamin ng Diyos sa mga makasalanang tao na ayaw sumunod sa ebanghelyo. (Matt. 23:37) - Oh Jerusalem, Jerusalem, na pumapatay sa mga propeta, at bumabato sa mga sinusugo sa kaniya! makailang inibig kong tipunin ang iyong mga anak, na gaya ng pagtitipon ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw sa ilalim ng kaniyang mga pakpak, ay ayaw kayo!
C. Ang Diyos ay handang magpatawad!

**Katapusan**:

1. Ang tunay na mapagkunwari ay si Absolom.
2. Ano naman ang kalagayan ng iyong kaluluwa?
3. Nawa makita mo ngayong umaga sa istorya ni Absolom, ang pag-ibig ng Diyos at pagmamalasakit ng Panginoon para sa lahat ng mga tunay na nagsisisi at sumasampalataya.